

CHAPTER *One*

*P*apabukang-liwayway, malalaking usok ang lumalabas mula sa tungko ng dampa ni Lola Ducata. Malapit ang kubo nito sa Ilog Pisuk. Aakalain na naman ng mga kabarangay nila na nagluluto ang matanda ng mga pangkulam niya. Hindi.

Nagluluto lang si Lola ng pagkain ng mga alaga niyang native na baboy. Itong mga kapit-bahay niya kasi ay mga tsismosa at laitera. Kung anu-ano na lang ang ikinakalat tungkol sa kanya. Kahit nga itong mga baboy niya ginagawan ng issue. Kesyo raw maiitim at parang sa baboy-ramo ang mga hitsura. Mga baboy raw ng demonyo.

Bakit? Bago naman dumating ang mga puting

hybrid na iyan, eh, maiitim naman ang mga baboy sa Pilipinas. Organic itong sa kanya kaya masarap gawing lechon. Hindi nga niya ibinebenta ang mga baboy niya sa kanilang palengke dahil ayaw bumili ang tao ng anumang galing sa kanya. Dinadala niya ang mga baboy niya sa malayong bayan kung saan nakapag-asawa ang nag-iisa niyang anak na si Pistong. Mabuti roon at walang nakakakilala sa kanya. May suki siya roong litsunan kung saan nagtatrabaho ang kanyang pamangking si Oscar.

Pagkatapos mapakain ang baboy ay nagbihis si Lola Ducata ng kanyang bestida at tinalian ang isang baboy at hinila papuntang highway. Maliit at biik pa lang kaya madali niya itong nahila.

Hinintay niya ang jeep na pampasada ng isang kaibigan ni Pistong at nagpunta sa Kapitolyo kung saan naroon ang bahay ng anak. Tatlong oras ang biyahe niya bago siya nakarating sa Kapitolyo. Mula roon ay isinakay niya ang baboy sa tricycle at dumerecho muna sa bahay ng anak niya.

Hayun, alas onse pa lang ng umaga ay lasing na. Hindi man lang nahiya sa nagtatrabahong asawa at anak. Hinanap nga niya ang apong si Kai dahil magpapasama siya rito sa litsunan. Wala raw.

Tumuloy na rin siya sa litsunan at ipinabenta kay Oscar ang kanyang native na baboy.

“Oscar, ang usapan natin, ha? Sa ’yo ang kalahati ng bayad dito, basta tulungan mo ako kay Mr. Lagdameo. Siya ang gusto ko para sa apo kong si Kai.”

“Walang problema, Lola.”

Ibinigay nga niya ang kalahati ng bayad sa baboy sa pamangkin bago dumerecho sa bus station kung saan nagtatrabaho ang apo bilang konduktora. Beinte cuatro años na ito, pero wala pa ring nobyo.

Aba, ang iba nga disiocho pa lang ay buntis na! Ayaw niyang masyadong maabala ito sa trabaho at hindi na makapag-asawa. May hitsura ito dahil matangkad at balingkinitan. Iyon nga lang, parang tomboy umasta.

May naging boyfriend ito noong high school kaso nagbugbugan daw ang dalawa at natalo pa ang lalaki. *Santisima!* Tutulungan niya itong makapag-asawa na at nang malagay sa ayos ang buhay.

Gusto ni Lola Ducata ay ang may-ari ng litsunan na si Mr. Lagdameo ang makatuluyan ni Kai. Maganda kasi ang negosyo ng lalaki at may hitsura ito.

“La, napadalaw kayo,” sabi ni Kai habang nagkukuwenta ng pera sa isang sulok ng opisina ng bus station.

“Pahingi nga ng buhok mo at hahanapan kita

ng boypren,” sabi niya sa apo.

“Boypren-boypren.” Isang naiiskandalong tingin ang ibinigay ng dalaga sa kanya. “Kita n’yo namang halos wala na akong oras kumain, magboboypren pa.”

Nasasayangan nga siya sa apo niya. Hindi ito nabigyan ng magandang oportunidad para man lang makatapos ng kolehiyo dahil walang kuwenta ang Pistong na iyan.

Binigla ni Lola ng hablot ang nakausling buhok ni Kai.

“La naman, eh!” reklamo nito sabay kamot sa ulo.

“Adios,” paalam niya bago nagrampa palayo.
Patay kang Mr. Lagdameo ka.



“Banay! Banay! Aalis na!” sigaw ni Kai mula sa pintuan ng bus.

Kalahati pa lang ng bus ang okupado pero kailangan na nilang umalis dahil may pila at oras ng alis ang mga bus. Pagdating ng ala una ay umalis na sila. Maganda naman ang kanilang biyahe hanggang sa dumating sila sa intersection at nakasagian ng isang kotse.

“Shit!” narinig niyang mura ng driver ng kotse.

Eh, itong driver nilang si Efren ay mainit din ang ulo. Bumaba ito para harapin ang nagmura.

“Show me your driver’s license,” utos ng mestisuhing lalaki kay Efren. Ang tangkad nito na parang sa basketball player at ang kaguwapuhan ay daig pa ang artista.

Maangas ang dating nito, nakakaintimida. Parang pamilyar ito, pero hindi niya matukoy kung saan niya nakita.

“Do you really know how to drive? Bakit hindi mo nakitang nasa harap ako?”

“Huwag mo akong Inglesin mokong ka. Kung hindi ka gago bakit ka nakalabas sa linya mo? Ako pa ang sisisihin mo.”

“Ako pa ang wala sa linya? Ikaw ang wala sa linya!” sigaw ng lalaki na parang ito ang diyos ng kalsada. “May mga pasahero ka pero kaskasero ka. Mabuti sana kung ikaw lang ang nakasakay diyan.”

Bumaba siya at sumali rin. “Sir, nasa tamang linya po kami. Kayo po ang hindi.”

“You shut up!” sigaw nito sa kanya sabay duro.

Aba. Parang kung sinong presidente ng bansa. Kunin niya kaya ang tubo at hampasin ito.

Mayamaya ay may isang magandang tsinita na bumaba sa kotse at lumapit sa lalaking nakabangga nila. “Let’s just go. Wala namang nangyari. At wala

ring pulis or traffic enforcer dito,” sabi nito habang hinahatak ang lalaki pabalik ng kotse.

“Ang yabang mo!” sigaw ng guwapong lalaki kay Efren. Ayaw nitong sumunod sa kasama.

“Ikaw ang mayabang, gago!” sigaw ni Efren. Tumingin ito sa kanya. “Kai, ibaba mo ang tubo.”

Alam naman niyang angas lang iyon ni Efren kaya cool din siyang umakyat ng bus at kinuha ang tubo. Tumayo siya pagkatapos sa likod ng bus driver at iwinasi-wasiwas na parang sa baton ang tubo para matakot ang kalaban nila.

Noong bata siya ay pinilit siya ng nanay niya at ng lola na mag-majorette kahit ayaw niya. Ginamit niya ang nalalaman para iikot-ikot ang tubo sa isang kamay niya.

Kapag may nakakaengkwestro sila sa kalsada ay ibinababa nila ito para matakot mga kalaban. Ang mga nakasagupa nilang tricycle driver noon ay takot sa kanila ni Efren dahil pareho silang matapang.

“Ano? Lalaban ka?” sigaw ng driver.

Walang takot na rumehistro sa mukha ng lalaki. Siya ang binigyan nito ng nakakamatay na tingin bago tumalikod.

Nakaramdam si Kai ng takot nang bumalik sa kotse ang lalaki at yumuko sa bintana at parang may hinalukay. Baka kukuha ng baril at papuputukan

sila. Sasabihan niya sana si Efren na magpakumbaba na nang makita niyang cellphone lang pala ang binunot.

Wala naman palang baril, eh.

Kaya inikot-inikot niya uli ang tubo na parang sa streetfighter.

Pero kung inaaakala nila na walang laban ang lalaki ay nagulantang na lang sila nang ilang minuto lang ang nakalipas ay may dumating na isang truck ng army. Mayamaya pa ay may dumating din na mga police.

Hindi na nila alam ni Efren kung paano itatago ang sarili, kung babalik ba sa loob ng bus o tatakbo palayo. Ang lahat ng mga pasahero nila ay naglargahan na. Hindi pa man din siya nakakapaningil ng pamasah.

“Gov, ano ba ang problema natin?” narinig niyang tanong ng isa sa mga sundalo. “Wala pa nga ang eleksyon, may problema na agad.” Niyakap nito nang mahigpit ang lalaki. “Long time no see, ah.”

Patay sila ni Efren.

Ngayon naaalala na ni Kai kung saan niya nakita ang pagmumukha ng lalaki. Sa calendar na ipinapamigay ng campaign group ni Gobernador Ismael Salijera. Ito ang panganay na anak ng pulitiko na narinig niyang sa Amerika nag-aral at

nagtatrabaho.

Ang chubby kasi nitong bunsong kapatid na si Ruffa Lyn ang palaging kasama ng ama sa mga lakad kaya iyon ang kilala ng mga tao. May pagkaimpakta nga iyon at mukhang impakto rin ang isang ito.

Sila ni Efren ay natahimik na parang utot. Sino ba naman ang gustong may makalaban na anak ng isang gobernador?

“Ikaw naman pala ang wala sa linya, eh,” sabi ng police kay Efren. Para nitong sasapakin ang driver.

Si Efren ay tila mabait na kuting nang sumagot. “Pasensya na, boss. Hindi ko kasi akalain na may paparating na kotse.”

“Yan. Dapat marunong kang tumanggap ng pagkakamali mo,” sabi ng sundalo kay Efren sabay pakpak sa balikat nito.

Siya naman ay tahimik lang sa gilid. Ang guwapong lalaki at ang kasama nitong tsinita ay nang-iinsultong tingin ang ibinibigay sa kanila ni Efren.

Sumunod sila sa police station para sa blotter. Pagkatapos ay nagpatuloy na sila sa biyahe nila para naman may maiuwi sila mamaya. May babayaran pa naman siyang utang sa 5-6. Pero dahil kakaunti ang pasahero, halos wala rin siyang naiuwi.

Pag-uwi niya ay naroon na si Lorna, naniningil.

“Wala pa akong pera,” sabi niya.

“Palagi na lang walang pera. Walang pera. Bakit nangungutang kung wala namang ibabayad?”

“Hoy, bruha, tumigil ka. Sa ilang taon kong umuutang sa ’yo, alam mong nagbabayad ako. Wala talaga akong pera ngayon.”

Mabuti naman at nilubayan din siya agad ni Lorna kaya nakapahinga siya nang maaga. Pero kung akala ni Kai ay tapos na ang problema nila sa nakabanggaan ay nagkakamali sila.

Kinaumagahan ay maaga silang binungangaan ng kanilang boss.

“Mga hindi nag-iisp. Mga \$%##@.” Kung anu-anong mura nga ang binitiwang among Intsik dahil nakatanggap daw ito ng summon galing sa mga Salijera dahil sa ipinakita nilang tubo nang magkabanggan sila sa kalsada.

“Sino ang magbabayad sa mga abogado n’yo? Eh, ang gasgas sa bus ko? Baka ako pa! Doon kayo sa kulungan magsama.”

Pareho silang napapakamot sa ulo ni Efren.

“Mamaya, bumalik kayo dito dahil hihingi tayo ng pasensya doon. Kung hindi ba naman mga tanga!” patuloy ni Mr. Cua. “Dapat kinikilala n’yo kung sino ang mga kinakalaban n’yo. Mga gunggong!”

Dumerecho sila sa biyahe nila. Panay ang tingin ni Kai sa relo. Dapat alas cuatro ay nasa bus station na sila para makasama sa amo nila papunta sa bahay ng gobernador.



Isang buwan at kalahati ang bakasyon ni Brandon dito sa Pilipinas. Ang gusto sana ng ama niya ay dito na siya sa kanila para siya na ang pumalit dito sa puwesto. Isa pa, marami rin silang negosyo rito.

Pero mahal niya ang trabaho sa isang casino roon sa Las Vegas kaya ayaw niyang iwan. Nag-enjoy siya roon.

Nakaupo siya sa gilid ng pool sa kanilang bahay nang dumating ang ama kasama ang mga bodyguards nito. Gusto nga nito ay may mga bantay rin siya pag umaalis, pero hindi siya nagsasama.

Ang ama niya may mga kaaway, siya wala. At naniniwala kasi siyang kapag oras na niya, kahit isang daang bodyguard pa ang iharang niya, siguradong mamamatay pa rin siya.

“I told our lawyer to file a case against the driver,” sabi ng papa niya.

Thirty-five years from now, malamang ay kamukhang-kamukha na niya ang ama. Pareho

sila nitong square jaw at malaki ang matangos na ilong. Mas matangkad lang siya nang kaunti dahil six footer siya.

“Thanks, Pa,” aniya.

Sinenyasan siya nito na bumuntot dito papunta sa personal office nito.

“Mag-uumpisa na akong bumuo ng linyada para sa election next year. Ipapasok kitang mayor. Walang dudang mananalo ka, anak, kaya dito ka na lang.”

Isang mariing iling ang ibinigay niya sa ama. “Hindi ako mahilig d’yan, Pa. At ayaw ko ng magulo.”

“Ganyan din ang mentalidad ko noong una, pero kapag napasok na pala sa sistema mo ang politika ay hahanap-hanapin mo rin.”

“Nothing will change my mind,” ang huli niyang sinabi bago umalis ng opisina.

Nakasalubong niya ang bunsong kapatid na si Ruffa Lyn na may bitbit na ulo ng lechon. Mukhang takam na takam na nga itong tikman ang dala.

“Lunch ka raw sa Sabado kina Lloyd Lagdameo,” sabi ng kapatid.

“He already sent me a message.” Classmate niya si Lloyd Lagdameo noong nag-elementarya siya rito sa kanila at ito ang best friend niya rito.

Sa Maynila kasi siya nag-high school at sa ibang bansa na nag-college kaya iba na ang mga nakasama niyang kaibigan. Pero kapag nandito siya sa kanila ay si Lloyd ang kasa-kasama niya.

Nag-dive siya sa pool nang huling beses saka umahon para makapag-shower at magbihis. Nasa kuwarta siya at kausap si Lorraine sa telepono nang kumatok ang katulong. Pinapupunta raw siya ng ama sa opisina nito.

“Gusto kong magkasama tayong babalik sa America. Don’t you dare let your dad pressure you into politics,” paalala ng kasintahan bago siya nakalabas ng pintuan.

Dumerecho siya sa opisina ng ama at naabutan doon ang isang Instik, ang driver, at ang konduktora na nakabanggaan niya noong isang hapon.

Mababang-loob na ang dalawa pero noong isang araw ay ang siga ng mga ito. Hahampasin pa yata siya ng tubo. May nakita nga siyang baril sa kotse ng ama na siyang gamit niya noon, pero ni hindi niya inisip na ilabas iyon.

Problema lang.

“Brandon, hihingi sana kami ng pasensya,” umpisa ng Instik na si Mr. Cua. “Gusto ko sanang malaman mo na nahihiya ako sa inugali ng mga tauhan ko. At iyon nga, hihingin ko rin sana na

kung puwede ay huwag mo nang ituloy ang kaso. Kulang na nga ang pambuhay sa pamilya, paano na lang kung maghahanap pa ng pambayad sa abogado ang mga 'to?"

"Kalimutan na natin 'yon, 'nak," sabi ng papa niya. "Ang importante ay humingi na sila ng dispensa."

Tumango siya. Ang importante lang sa kanya ay kinilala ng dalawa ang pagkakamali ng mga ito.

"See, makatao ang anak ko, Miguel," sabi ng papa niya. "Huwag ninyong kakalimutang iboto siya next year. Tatakbong mayor 'yan."

"Oo naman. Lahat ng tauhan ko at pamilya nila ay boboto sa inyo at kay Brandon."

Binigyan niya ng nakakamatay na tingin ang ama. Wala siyang balak na pumayag sa gusto nito pero ikinakampanya na siya.

Tumingin siya kay Mr. Cua. "Wala na po sa akin 'yong nangyari noong isang hapon. Sasabihan ko na po ang abogado na huwag nang ituloy ang habla."

"Ay salamat naman, Brandon." Tumayo ang Instik at kinamayan siya.

Nagpasalamat naman sa kanya ang driver at ang konduktora. Hindi na rin nagtagal ang mga ito. Nagpaalam din agad.

Ang konduktora nga ang pinakahuling lumabas.

Napatingin siya sa likod ng babae dahil noong isang araw niya pa napansin na sexy ito. Slim, pero super shapely ng katawan dahil malapad ang mga balakang at maumbok ang puwet. Nakaka-turn off nga lang ang personality.

CHAPTER *Two*

*M*adilim kaya hindi nakikita ang sobrang itim na usok na lumalabas mula sa tsimineang dampa ni Lola Ducata. Isang malaking tuwalya ang nakabalot sa ulo niya.

Mahirap na, baka sa halip na sa apo niyang si Kai ma-in love si Mr. Lagdameo ay sa kanya pa, kung may mahuhulog na buhok niya sa niluluto. Wala nang asim ang lola n'yo para sa love life na iyan kaya ang apo na lang ang poproblemahin niya.

Kaninang may araw pa ay inihanda na niya ang mga ingredients. Loka ngang recipe ito, pinaghanap siya ng pangil ng hermaproditang bayawak kaya umakyat pa talaga siya ng bundok. Nakagat pa nga siya, pero mabisa ang tinimpla niyang langis

panlaban sa lason. Nilagnat siya nang isang araw, pero kinaumagahan ay kayang-kaya na niyang sumayaw ng cha-cha buong maghapon.

Sana nga talaga ay tumalab itong ginagawa niya dahil ang mahal ng bili niya sa recipe ng Love Potion No. 9 na iyan noon sa Quiapo. Binili niya iyon sampung taon na ang nakakaraan nang ihatid niya ang kapatid na si Lucrezia para magpaopera ng bukol sa *East Avenue Medical Center*.

Sumaglit siya noon sa maliit na tindahan ni Madam Esmeralda na dating presidente ng mga mangkukulam. Namatay na nga ang bruha. Aksidente raw nitong nainom ang ginawang lasong pampurga. Ang kakambal nito at ang anak na lang na sintu-sinto ang nagbabantay sa tindahan nito ngayon.

Nang nagiging berde na ang hinahalo at naglinaw na ang tinimpla niyang gayuma ay inalis na niya sa apoy. Hindi kasi maganda kapag matagal na nakasalang. Baka malasahan ang gayuma. May dalawang basong likido ang nasa kawali kanina, pero kalahating baso lang itong natira. Inilagay niya iyon sa bote para madala bukas sa pamangkin niyang si Oscar. Ito na ang bahala para magayuma nila si Mr. Lagdameo.

Kinaumagahan, maaga pa lang ay nagbiyahe na

siya papuntang Kapitolyo. Dumerecho siya sa bahay ng anak na si Pistong at naabutang pinagsasabihan ng ina nito ang apo niya. May nakaaway raw ang dalaga. Si Kai ay tahimik lang habang patingin-tingin sa TV. Ang anak niyang si Pistong ay nakahilata.

“Kai, samahan mo ako roon kay Mr. Lagdameo. Kaibiganin mo kasi ang binatang ’yon. Boto ako sa kanya, mukhang disente.”

Isang seryosong iling ang sagot ng apo.

Naisip na nga ni Lola Ducata na mukhang ito ang kailangang gayumahin. Kapag may nakita siya ulit na hermaproditang bayawak ay makakatikim din sa kanya ang batang ito.

Dumerecho na lang siya sa litsunan ni Mr. Lagdameo. Nasa labas ang binata kasama ang isang napakaguwapong lalaki. Parang pamilyar ang hitsura ng estranghero.

Ay, oo, ganoon ang hitsura ng gobernador noong mas bata pa ito. Naging katulong kasi siya noon ng isang kapit-bahay ng mga Salijera kaya nakita niya ang gobernador noong kabataan nito. Malamang ay anak ito ng gobernador. Binigyan niya ng ngiti, isang tipid na ngiti naman ang sukli.

“Nay, napadalaw kayo?” tanong ni Mr. Lagdameo.
“May dala ba kayong baboy?”

“Ay wala. Bibisitahin ko lang ang pamangkin ko.”

“Nandoon po sa loob. Pasok po kayo.” Inalalayan pa talaga siya ni Mr. Lagdameo paakyat ng hagdan. Guwapo na, magalang pa.

Pumunta siya sa kusina at sinenyasan siya ni Oscar na sa labas sila mag-usap para hindi marinig ng mga kasamahan nitong naroon sa mismong litsunan.

Iniabot niya kay Oscar ang bote ng gayuma at nangakong ibibigay sa pamangkin ang bayad ng sunod na baboy na ibebenta niya kay Mr. Lagdameo.

“Hahanapan ko ng tiyempo na mailagay sa pagkain ni Mr. Lagdameo ’to. Siyempre, hindi ’yon ganoon kadali. Minsan lang siya nandito dahil may ibang negosyo rin.”

“Sige. Basta, ha.” Nagpaalam na siya sa pamangkin at inalalayan siya nito na bumaba ng hagdan.

“Alis na ako, mga pogi,” paalam niya sa dalawang nag-uusap sa labas.

“Sige, Nay, dalhan mo uli ako ng native mo, ha,” sabi ni Mr. Lagdameo.

Isang tipid na ngiti naman uli ang ibinigay sa kanya ng anak ni Gobernador Salijera.



Bandang alas cuatro ay nagbibihis si Kai. Matapos gumayak ay sumakay siya ng tricycle para

makapunta ng palengke. Mamamalengke siya para sa kakainin nila mamayang hapunan. Gusto niyang humigop ng sabaw kaya pagdating sa bayan ay dumerecho siya sa hilerang mga isda.

“Cuarenta na lang ang kilo, mahal,” sabi sa kanya ng manliligaw na si Boy Tuna.

Nilagpasan nga niya.

Dati ay suki siya nito at palagi siyang binibigyan ng dagdag na hiwa o dagdag na isda. Nang maghiwalay ito at ang asawang nagpapa-ending, doon na siya tinadtad ng ligaw. Hindi siya naghahanap ng problema.

Ayusin nila ang buhay nila. Ang lakas ng loob manligaw gayong may anak pa man din ang mga ito. At isa pa, hindi naman ito kaguwapuhan at wala pang maraming pera na puwede niyang itakip sa mga mata niya kung papatol din lang siya sa ganoong hitsura.

Parang gusto niya ng sinabawang maya-maya. May nakita siyang magagandang hiwa kaya doon siya bumili. Dumaan siya pagkatapos sa gulayan para bumili ng kamatis at kangkong.

Papaliko siya nang makasalubong niya ang tsinitang girlfriend ni Brandon Salijera. Abala ito sa kaka-text habang naglalakad. Inilagay niya ang sarili sa kanan para hindi niya mabangga, pero ang

babae ay kumilos din at lumipat sa tapat niya kaya nagkasalpuhan sila. Sabog ang paper bag nito ng mga gulay.

“You again!” sigaw nito pagkakita sa pagmumukha niya.

Hindi na siya sumagot. Dinampot na lang niya ang mga gulay nito para maibalik sa paper bag.

“Brandon! Brandon!” tawag ng babae sa nobyo. Naroon agad ang lalaki.

“Look at what she did again.” Itinuturo siya ng babae.

“Pasensya na po kung nabangga ko kayo,” sabi niya. “Hindi po kasi kayo dapat nagti-text habang naglalakad.”

Binigyan siya ng nanunukat na tingin ni Brandon Salijera.

“Ang sabihin mo you did it on purpose.” Galit na galit talaga ang babae. Bumabakat ang ugat sa noo nito.

Hinablot ni Brandon Salijera ang paper bag sa kamay niya at kinaladkad palabas ng pamilihan ang nobya. Siya naman ay naiwan na napapakamot sa ulo.

Ayaw niya talaga ng problema.

Bago umuwi ay dumaan siya bayaran ng kuryente. Dumudukot siya ng pera nang may

tumawag sa pangalan niya.

“Kai!”

Lumington siya at nakitang papalapit si Lloyd Lagdameo.

“Hi, sir,” bati niya. Nagkakilala sila nito dahil minsang nagkasakit ang lola niya ay siya ang pinaghatid ng baboy sa *Lloyd’s Lechon and Restaurant*.

Guwapo, pero huwag na niyang ambisyunin dahil mataas ang level nito. Konduktora siya at ang isang ito ay negosyante. Ang mga dapat nitong girlfriend ay iyong may mga pinag-aralan, tulad halimba ng guro, accountant o di kaya ay doktora.

“Magbabayad ka rin ba ng kuryente?” tanong nito.

“Oo... para hindi kami uli maputulan,” sabi niya at tumawa.

Natawa rin ang negosyante. Sabay sila nitong pumila habang pinag-uusapan ang Lola Ducata niya. Masarap nga raw ang mga baboy ng matanda. Ikinuwento niya kung ano-ano ang mga ipinapakaing gulay ng lola niya sa mga alagang baboy nito.

Nang mabayaran nila ang mga kuryente ay niyaya siya ng lalaki sa kotse nito. Iisa lang naman daw ang daan nila kaya sumabay na siya. Walang limang minuto, narating nila ang sitio nila.

“Ikumusta mo na lang ako sa nanay at tatay mo,”

sabi ni Lloyd nang bumaba siya ng sasakyan.

“Sige po. Salamat,” aniya bago naglakad papunta sa kanilang bahay.



Hinintay ni Brandon na makatawid ang tricycle bago umarangkada. Noong bata siya, gusto niya ring maging politiko. Sumasama-sama siya sa ama sa pagpunta nito kung saan-saan para mangampanya. Pero nang magkaisip ay naging iba na ang environment niya kaya siguro nag-iba rin ang mga hilig niya.

May nag-text sa phone niya. Binasa nga niya.

Si Lloyd, nagtatanong kung nasaan na sila ng nobya. Inutusan niya si Lorraine na i-text ang kaibigan na parating na sila. Nangako kasi silang sa litsunan ni Lloyd kakain ng pananghalian ngayong araw.

Pagkababa pa lang nila ng sasakyan ng nobya ay nakita niya agad ang kaibigan. May mga bakanteng puwesto sa balkon ng restaurant sa second floor at naroon ito sa isang mesa, tumutulong sa pag-aayos.

“Pare,” sigaw ni Lloyd sabay taas ng kamay.

Hindi agad sila nakaakyat dahil may isang matandang babae na may bitbit na bag na gawa sa buri na papababa. Ito rin iyong kausap ni Lloyd

noong isang araw nang pumunta siya rito. Medyo nahihirapan nga sa hagdan kaya inalalayan niya itong bumaba.

“Ay naku, salamat, pogi. Pagpalain ka sana ng Panginoon,” sabi ng matanda sabay kapit nang mahigpit sa kanyang braso.

“Walang anuman, Nay,” sabi niya.

Nagbigay ito sa kanya ng ngiti bago tumalikod para makapara ng tricycle.

Dumerecho na sila sa lamesa nila.

Pareho na silang thirty-one ng kaibigan at parehong wala pang asawa. May gusto nga sana siyang ireto sa lalaki, pinsan niya, pero wala raw itong oras dahil bukod sa litsunan at resto nito ay abala rin ito sa niyugan ng pamilya.

Si Lloyd mismo ang nagbukas ng beer para sa kanya. Sinimulan na nilang kainin ang handa nito—lechon, itlog na maalat, atsara, kanin. Sarap. Napaka-crispy ng balat.

“Pare, patitikimin kita ng litson sisig ng kusinero ko. May dinala kanina rito si Lola Ducata na native. Ipinauna ko ’yon ng ihaw para magamit sa sisig,” sabi ni Lloyd bago tumingin sa kusina. “Oscar, luto na ba ang sisig ko?”

“Opo, sir” sabi ng isang maliit at maitim na lalaki na may hawak na sizzling plate na may lamang sisig

na umuusok pa.

“Sir, ito na po ang paborito n’yo,” sabi ni Oscar.

“Nandiyan pa ba si Aling Ducata?” tanong ni Lloyd sa kusinero nito. “Nabigyan na ba ng bayad? Si Didoy ang inutusan ko kanina na mag-withdraw ng pera sa bangko. Nakabalik ba nang maaga? Marami kasi akong inutos...” litanya ng binata.

“Ay kakaalis lang po ni Nanay. Babalik na lang daw po uli siya next month para maghatid ng isa pang native.” Inilagay ni Oscar ang sizzling plate sa harap ni Lloyd at tumalikod na para bumalik sa kusina.

“Tikman mo ’to. Native pig. Organic kaya malasa. Mabuti nga at may nadala kanina,” sabi ng kaibigan habang itinuturo ang sizzling plate.

Gamit ang serving spoon ay naglagay siya ng tatlong kutsara sa pinggan niya. Mukhang masarap nga kahit sa amoy pa lang. Tinikman niya at perpekto ang lasa. Masarap na maanghang. Iyong parang may lasang gatas.

“Masarap nga,” sabi niya.

“Sa ’yo na ’yan,” sabi ni Lloyd.

“Want some?” tanong niya kay Lorraine na abala sa kaka-e-mail sa cellphone nito. “Medyo maanghang.”

“No,” sabi nito. Ayaw kasi nito ng maanghang.

Iba talaga ang mga lutong Pinoy. Naubos ni Brandon ang sisig. Ang lamig pa naman ng beer kaya sarap na sarap siya sa pagkain.

Tinanong siya ni Lloyd ukol sa narinig nitong balita na tatakbo siyang mayor. Napatawa siya at napailing. At dahil naumpisahan na ang usapang politika, puro na tungkol sa mga politiko ang napag-usapan nila.

CHAPTER *Three*

*N*akahilata pa si Kai sa papag nang may humila sa paa niya, ginigising siya. Sinipa niya dahil halos wala pa siyang tulog. Alas tres na ng umaga siya dumating mula sa magdamagang biyahe.

“Aray!” sigaw ng kanyang Lola Ducata na umalingawngaw sa kanilang bahay.

Napatayo siya bigla para tulungan ang lola niyang napatihaya sa sahig. “Naku, Lola, sorry talaga. Akala ko mga pamangkin ko lang. Kayo pala.”

“Bumangon ka na diyan at samahan mo ako na ihatid ’to kay Oscar,” utos ng matanda.

Magdadahilan sana siya kaso nakonsyensya siya dahil nasipa niya ito kaya bumangon na lang siya at naligo. Nagsuot siya ng pantalon at tinernuhan iyon

ng T-shirt na giveaway ng kanilang bus company.

“Wala bang mas disenteng damit diyan? Iyong labas kili-kili at pusod ba.”

Hindi na siya nag-react sa lola niya. Kinuha na lang niya ang baboy na nakatali at saka bumuntot sa matanda. Nadaanan nga nila ang ama niyang nakahandusay sa labas dahil lasing. Hinayaan na nila dahil wala nang pag-asa iyan.

Isinakay nila ang baboy sa pinarang tricycle at dumerecho sa litsunan ni Lloyd Lagdameo. Pagdating nila roon ay nandoon din ang may-ari at nagkukuwenta ng kita.

“Kumusta?” tanong ni Lloyd sa kanila, suot ang malapad na ngiti na ibinibigay sa kanya palagi.

“Eto nga, Mr. Lagdameo. Dala ko ang apo ko. Nagkakilala na kayo, di ba?” sabi ni Lola Ducata, parang kinikilig ang pagkakangiti.

“Opo, Nay Ducata. Kilala ko ang maganda ninyong apo,” magalang na sagot ni Lloyd.

Ang lola niya parang mababali ang balakang sa kilig. Siya naman, hindi alam ang ire-react. Wala naman sanang plano ang lola niyang ito na kulamin ang binata dahil talagang nakakahiya.

May sasabihin pa sana ang lalaki kaso tumunog ang cellphone nito at may kinausap. Nagpaalam ito sa kanila pagkatapos na may pupuntahan daw.

Binayaran nito ang baboy na dala ni Lola Ducata at mabilis na umalis.

Parang nabitin na di mawari ang lola niya. Pababa na sila mula sa restaurant nang makasalubong nila si Brandon Salijera.

Hindi alam ni Kai kung aatras o kakanan. Napatitig sa kanya ang lalaki na parang kinikilala ang pagmumukha niya. Kilalang-kilala na siya nito dahil sa ilang beses na silang nagkatagpo, pero sa pagkakatingin nito sa kanya ngayon, parang ngayon lang siya nito nakita.

Tumingin ito sa lola niya at mabilis nitong inabot ang kamay ng matanda para alalayan na makababa ng hagdan.

“Ay salamat, hijo, at tinulungan mo uli ako,” sabi ng matanda.

Nagbigay naman siya sa binata ng tipid na ngiti.

“Ah, saan po ba kayo umuuwi, Nay? Wala naman akong gagawin, ihahatid ko na po kayo.”

“Talaga?” tanong ni Lola Ducata. “Sige. Doon lang kami sa bahay ng anak ko sa Estucado Street. Malapit sa simbahan.”

Biglang nanlaki ang mga mata ni Kai.

Nakakahiyang magpahatid! “Ay, hindi na po,” saway niya. “Sasakay na lang kami ng tricycle.”

Pero sumama na kasi si Lola Ducata sa anak ng

gubernur kaya wala na siyang pagpipilian kundi ang bumuntot sa matanda.

Sa front passenger seat pinaupo ang lola niya habang doon siya sa likod. Nangimay talaga si Kai sa gara ng loob ng sasakyan. Amoy bago pa nga. Iyong parang kakapunit lang ng plastic sa upuan, kumbaga sa furniture.

Napatingin siya sa rearview mirror at nakatagpo ang mga mata ng lalaki, sinasalubong ang tingin niya. Binawi niya ang mga mata dahil nakakahiya.

Tumingin siya sa mga kuko niya. Hindi pa pala niya nagugupitan.

Inihatid sila ni Brandon Salijera sa kanilang bahay at muli siyang nakaramdam ng hiya dahil wala pang nakakapaglinis. May suka pa ng ama niya sa labas.

Wala namang reaksiyon ang lalaki. Bumuntot pa sa kanila sa loob.

Dios Mio!

Ang mga labahan nila, nakatambak sa gilid. Ngayon nga sana niya uumpisahan iyan. Ang lalaki naman ay parang walang paki sa hitsura ng bahay nila, nakatitig lang talaga sa kanya.

Binigyan niya ito ng pilit na ngiti. Nakaka-conscious kasi ang ginagawa nito dahil sigurado siyang hindi siya ganoon kaganda para titigan.

“Kai, ibili mo muna ang bisita ng soft drink sa tindahan,” utos ng lola niya sabay abot ng limandaang pisong papel.

Hindi na niya tinanggap. Pumunta na lang siya sa tindahan sa kabila at bumalik bitbit ang eight ounce na *Coke* at ilang *Skyflakes*.

Pagbalik niya, masarap na ang kuwentuhan ni Brandon at ng lola niya. Hinablot na lang niya ang mga maruruming damit at pumunta sa likuran para umpisahan ang labada. Napasulyap siya sa lalaki nang maramdamang nakasunod ang tingin nito sa kanya hanggang doon sa labahan.

Napakunot ang noo niya.

Ano ba ang problema ng isang 'to? Galit ba ito dahil nakabungguan sila ng nobya nitong hilaw? Baka kasi kung ano ang kinuwento rito ng babae gayong ito naman talaga ang may kasalanan.

At lalo siyang tinitigan ng binata, iyong tingin na nakakausog, iyong hindi niya matukoy. Umiinit na ang ulo niya. Hindi puwedeng dahil anak ito ng gobernador ay mamatahin lang siya nang ganyan. Nasa loob ito ng pamamahay ng iba kaya umayos ito ng tingin at baka masurot niya.

Hindi talaga tumigil sa kakatitig ang lalaki kaya sa inis ay mabilis niyang binanlawan ang masabon niyang mga kamay niya at hinablot ang itak saka iyon

hinasa sa harap ng lola niya at ng lalaki.

“Hoy, sino ang tatagain mo at naghahasa ka diyan, ha? Sino ka, si Heneral Luna?” singhal ng matanda sa kanya. “Doon ka nga sa likod-bahay maghasa. Nakakahiya sa bisita.”

Hay naku! Mukhang wala ring kuwenta itong drama niya kaya dinala na lang niya ang gulok sa likod-bahay at doon naghasa. Kinuha niya pagkatapos mula sa second-hand nilang ref ang binili niya kahapon na karneng baka para ma-thaw at maluto para sa hapunan.

Bumalik siya pagkatapos sa kanyang labahin. Natapos na niya ang malaking tumpok at naisampay na iyon, pero hindi pa rin umuuwi ang lalaki.

Paglabas nga ni Kai ng bahay nila para bumili ng vetsin ay nakita niyang nag-iinuman na ito at ang tatay niya. Umuwi na ang lola niya at mukhang ang tatay naman niya ang naka-vibes ng lalaki.

Nagluto siya ng specialty niyang bulalo. Nang maayos niya ang mesa ay inimbita niya ang bisita at ang ama niya na kumain. Dumating din ang nanay niya mula sa paglalabada at sumabay sa kanila. Mahiyain ang ina kaya hindi masyadong masalita, pero sa kinang ng ngiti ay mukhang na-starstruck sa kanilang bisita.

“Napakaaga pa, pero nakipag-inuman ka na

agad,” sabi niya sa anak ng gobernador habang naglalagay ng isang mangkok na bulalo sa harap nito. Medyo tipsy na nga ang hitsura ng binata.

Humigop ito ng sabaw.

“Ang sarap naman,” sabi nito at ngumiti.

Napangiti rin siya. Napahanga lang siya dahil walang kiyemeng nakikain sa kanila ang lalaki. Kung ibang tao ito ay baka nandiri na dahil madungis ang bahay nila at luma na ang mga gamit.

Pagkatapos kumain ay bumalik sa inuman si Brandon Salijera at ang ama niya. Ang isa niyang tiyuhin at pinsan ay nakisali rin. Nakita nga niya kung paano nabugbog ng *Tanduay* ang lalaki. Ang mga kapamilya niya na sanay sa inuman ay nakatayo pa rin.

Bumuntong-hininga si Kai nang makalapit sa binata. “Sir Brandon, paano po kayo uuwi?”

“I’m not... going home... dito lang ’ko sa tabi mo,” sabi ng lalaking nakahandusay sa mesa.

Napakunot ang noo niya sa mga pinagsasabi nito. Siguro lasing lang. Hindi nga niya alam kung ihahatid ito o ano. Sa kabilang bayan pa ang bahay nito at wala naman silang sasakyan. May dalang sasakyan ang lalaki pero hindi naman siya bihasang mag-drive. Maibangga niya pa iyan at pabayaran sa kanya.

Hinila na lang niya ang lalaki mula sa mesa at inakay papunta sa papag na paborito niyang higaan pag nagpapahinga. At bago nga niya naihiga ang lalaki ay sinukahan siya nito. Wala na siyang nagawa kundi ang mapangiwi. Naligo na lang siya.

Nilinis niya ang parteng nasukahan nito para komporable kahit papaano ang tulog ng lalaki.

Nang maayos na ang lahat ay pumunta na si Kai sa kuwarto niya para matulog. At tulad ng kinagawian ay gising na siya nang alas cinco ng umaga. Nakaligo na siya at nakabihis nang magising ang lalaki.

Nasapo nito ang noo, siguradong masakit ang ulo. Tumayo ito at nasuka sa lababo.

Lumabas naman siya para bumili ng goto at nagyeyelong bottled water. Tinatlo na nga niya agad ang tubig dahil siguradong kukulangin ito. Nakaupo sa papag ang lalaki pagbalik niya.

Inihain niya rito ang goto at tubig.

“Aalis na ako dahil alas siete ang biyahe namin ngayon. Sana okay ka na.”

Tumango ito.

At dahil kailangan na niyang umalis ay bumuntot na ito palabas para makauwi na rin.



Masakit ang ulo ni Brandon habang nagbabiyaha papunta sa mansion nila. Pagdating doon ay ang guard at mga katulong lang ang nadatnan niya. Baka may lakad ang mga kapamilya at isinama si Lorraine. Marami ngang text message ang nobya kahapon, nagtatanong kung nasaan siya, pero hindi niya pinansin.

Dumerecho siya sa kusina at pinuno ng yelo ang pitsel ng tubig saka iyon dinala sa kanyang kuwarta. Naligo siya pagkatapos at humiga sa kama para makatulog. Nasa kalagitnaan siya ng pagkakahimbing nang may yumugyog sa kanya.

“Anong date ko ipapa-sched ang ticket natin?” tanong ni Lorraine.

Iminulat niya ang mga mata at tumingin sa relo sa dingding. Alas dos na ng hapon. Tinakpan niya ng unan ang mukha. Ang sarap ng tulog niya pero nanggigising ang isang ito.

“Hey, what date?”

“I’m not going back... there. I’m going to stay here.”

Katahimikan ang unang namayani bago ang sigaw. “Are you joking?”

Deadma ang reaksiyon niya.

“We’ve already talked about this. We’ve agreed that we’re going to settle in Las Vegas. What am I

gonna do here?"

Wala siyang reaksiyon.

"Hoy! Answer me." Niyugyog siya ng babae.

Nakatulog yata ulit siya. Ang huli niyang naalala ay may nagbato ng unan na tumama sa bandang ulunan niya.

Nagising uli si Brandon ng bandang alas cuatro. Sa sakit ng ulo niya kanina ay natulog lang siya buong araw. Naligo siya at nag-ayos dahil pupuntahan niya uli si Kai. Ewan ba niya, parang kinikilig siya sa dalaga.

Gandang-ganda siya sa mukha nito. Kahit maiksi ang hanggang baba nitong buhok ay attractive pa rin itong tingnan. Kinakabahan nga siya kahapon kaya hindi siya halos makapagsalita habang nasa malapit ito.

Pababa siya ng hagdan nang makasalubong niya ang bunso niyang kapatid na si Ruffa Lyn.

"Ano 'yong minamaktol ni Lorraine kanina, Kuya?"

"Ewan," painosente niyang sagot bago dumerecho sa pintuan. Sumakay siya ng kotse at nagtungo sa bahay ng mga Jose.

Si Mang Pistong lang ang nadatnan niya. Nasa trabaho pa raw si Kai. Pumunta na lang siya sa bus station. Saktong kagagarahe lang ng bus ni Kai.

Kumunot ang noo ng babae nang lumapit siya rito.

“Hi,” bati niya.

“Ano po ang kailangan n’yo, sir? May naiwan po ba kayo sa bahay?”

“Ah, wala naman. Gusto lang kitang sunduin.”

Lalo pang kumunot ang noo nito. “Bakit po? May emergency po ba na kailangan n’yo akong sunduin?” Bumakas ang pag-alala sa mukha nito.

“No, no. I just want to spend time with you.”

Nagbigay ito ng tipid na ngiti bago kumuha ng pera sa bulsa. “May napulot akong isang daan sa upuan sa bus. Gusto mo kumain ng balut? Libre kita.”

“Sige,” sabi niya bago bumuntot dito. “Parang ilang beses mo na akong inilibre, ’yong *Coke*, ’yong tubig... pinakain n’yo pa ako kagabi.”

“Basta ba maglibre ka rin paminsan-minsan,” pabirong sagot nito.

“Oo ba.”

Pumunta sila ng babae sa isang sari-sari store sa gilid at doon tumambay. Ibinili siya nito ng apat na balut at isang bote ng beer. Mas binilisan niya ang pagbibigay ng pera sa tindera para sa bayad.

Kahiya namang magpalibre pa siya. Baka kaunti rin lang ang inuuwi nito sa pamilya pagkatapos ito pa ang magbabayad para sa kanila. Tinanong nga

niya kung gusto nito ng beer dahil isa lang ang binili.

Umiling ang dalaga. “Hindi ako umiinom kapag wala namang okasyon. Alam mo na, may lahing alcoholic.”

Nakaupo sila sa mahabang bangko nang dumating ang driver na si Efren. “Boss!” sigaw nito sabay high five sa kanya.

Naki-high five naman siya. Ibinili niya ito ng beer. Nakiupo ito sa kanila at nakinig sa kuwento ni Kai tungkol sa drinking contest sa barangay nito.

“Second lang si Tatay,” kuwento ni Kai at tumawa. “Si Tatay tumba na, si Istobal nagsisindi pa ng sigarilyo.”

Na-curious siya kung sino si Istobal kaya tinanong niya ang dalaga kung nasaan na ito.

“Kinuha na ni Lord. Namatay sa sakit sa atay. Ikaw ba naman, agahan mo ay *Emperador*.”

Sumali rin sa kanila ang isang driver at nagkuwento ng mga sexcapades nito noong seaman pa.

“Huwag kang maniwala diyan,” bulong ni Kai. “Yabang lang ’yan. Kita mo namang mas guwapo pa ang aso diyan.”

Natawa si Brandon.

Inabot sila roon ng alas ocho bago nagpasyang umuwi si Kai. Inihatid niya ito. Nang nasa labas na

silang bahay ng babae ay nagpaalam na ito.

“Ang aga pa, eh, pinapauwi mo na ako. Can we talk for a while?”

Parang hindi naman alam ng babae kung ano ang isasagot, pero umupo ito sa mahabang upuan sa labas ng bahay at nagkuwentuhan sila. Mataman siyang nakinig sa mga kuwento nito tungkol sa mga kamag-anak at kapit-bahay. Gusto nga sana niyang magbabad pa kaso may trabaho pa ito kaya bandang alas diez ay lumarga na siya. Ang bigat nga ng loob niya habang pauwi.